
# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I







**MODYUL 1**
**KASAYSAYAN: ALAMIN NATIN**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 1**

**ANG KASAYSAYAN: ALAMIN NATIN**

Kumusta ka, kaibigan? Ikaw ay nasa ikalawang antas na ng iyong pag-aaral. Mga bagong kasaysayan, kaalaman at kakayahan ang inihanda para sa yugtong ito ng iyong pag-aaral.

Ang lahat ng bansa sa daigdig ay nagsisikap na maituro ang sariling kasaysayan sa bawat mamamayan. Bakit kaya? Sa modyul na ito, tutuklasin natin ang kasagutan sa tanong na iyan.

Tutuklasin natin ang kahalagahan ng kasaysayan.

May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Mga Kwentong May Saysay
- Aralin 2: Kaugnayan ng mga Disiplinang Agham Panlipunan sa Kasaysayan
- Aralin 3: Kaugnayan ng Kasaysayan sa Lipunan

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Makapagbibigay ng sariling kahulugan ng kasaysayan;
2. Maiuugnay ang kasaysayan sa iba pang disiplinang panlipunan; at
3. Maiuugnay ang kahulugan ng kasaysayan sa lipunan.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat tanong o pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ang kasaysayan ay hango sa salitang Griyego na HISTORIA. Ito ay nangangahulugan ng:
   A. Paglalarawan sa katangiang pisikal ng isang lugar ayon sa anyong lupa at tubig
   B. Pagsisikap ng tao na matugunan ang pangangailangan batay sa sapat na mapagkukunan
   C. Pagtalakay sa pulitika na bahagi ng pagtatatag sa sariling pamahalaan
   D. Pananaliksik sa mga di nakasulat at nakasulat na tumutukoy sa mahahalagang pangyayari

2. Ano ang katangian ng Soberanya bilang isa sa mga elemento ng Estado?
   A. Paraan ng estado upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan
   B. Tirahan at nasasakupan ng isang estado kung saan kinukuha ang mga likas na kayamanan
   C. Tumutukoy sa pangkahalatang bilang ng mga tao na naninirahan sa isang lugar
   D. Pagkakaroon ng kapangyarihan na mapasunod ang mga tao sa pamamagitan ng batas at patakaran

3. Alin sa mga sumusunod ang pinakamainam na Batayang Primarya bilang matibay na ebidensya sa pagsulat ng kasaysayan?
   A. Batayang aklat sa pag-aaral
   B. Buto ng sinaunang tao at mga *“artifacts”*
   C. Opinyon at kuru-kuro sa radyo at telebisyon
   D. Paskil sa paaralan tulad ng sa bulletin board

4. Ang *“Oral Tradition”* ay isa sa mga batayan sa pagsulat ng kasaysayan, ito ay tumutukoy sa:
   A. Paggaya ng mga kagamitan mula sa original na ebidensya
   B. Pagkukwento ng mga alamat, epiko, kwentong bayan, mitolohiya at awit
   C. Pagpapamana ng mga kagamitan at ari-arian
   D. Pagsusuot ng mga katutubong kasuotan sa isang pook at okasyon

5. Paano mo maipakikita ang kahalagahan ng kasaysayan sa lipunang iyong kinabibilangan sa kasalukuyan?
   A. Pagbuo ng samahan na aalam sa ating nakaraan upang lalong mapabuti ang ating kinabukasan
   B. Pagkalap ng impormasyon mula sa telebisyon, radyo at mga pahayagan

C. Pagpaplano para sa maayos na kapaligiran at malusog na lipunan para sa lahat
D. Pagsangguni sa pamahalaan ng mga serbisyong kailangan sa inyong lugar

6. Kung nais mong malaman ang relasyon ng kasaysayan at iba pang mga disiplina ng Agham Panlipunan, ano ang pinakamainam mong gawin?
A. Pagbabasa ng pahayagan ukol sa mga proyekto ng iyong simbahan na maaari mong salihan
B. Pagkuha ng mga opinyon mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan
C. Pag-aaral sa pinagmulan at pag-unlad ng tao na nakaimpluwensya sa kanyang pagkilos tulad ng kultura
D. Pag-alam sa programa ng pamahalaan na nakatutulong sa pag-unlad ng kabuhayan lalo na ng mahihirap

7. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI nagpapamalas ng relasyon ng Kasaysayan sa iba pang disiplina ng Agham Panlipunan?
A. Sa Kasaysayan ay naiuugnay ang Sikolohiya na tumutukoy sa katangian ng indibidwal at sa uri ng kabihasnang kinabibilangan ng tao.
B. Sa Kasaysayan ay naiuugnay ang Sosyolohiya tungkol sa pag-aaral ng kasalukuyang lipunan, mga suliranin at pagbabago dito.
C. Sa Kasaysayan ay natatalakay ang Agham Pampulitika ukol sa mga uri at proseso ng pamahalaan, at paggawa at pagpapatupad ng batas.
D. Sa Kasaysayan ay natatalakay ang pag-unlad ng Siyensya upang makatulong sa mga may sakit.

8. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang tumutukoy sa relasyon ng Kasaysayan sa iba pang displinang panlipunan?

A. Ang Kasaysayan ay bahagi ng dugtong-dugtong na kaalaman sa pag-aaral ng Agham Pampulitka, Antropolohiya, Ekonomiks, Heograpiya, Sikolohiya at Sosyolohiya
B. Ang Kasaysayan ay naglalarawan ng mga adhikain, simulain at rebolusyon ng mga lider sa iba't ibang panahon
C. Ang kasaysayan ay nakakatulong sa kabuhayan sa pamamagitan ng turismo na nagpapatanyag sa ating bansa
D. Ang kasaysayan ay nagpapayaman at nakakatulong sa pagsulong ng kultura tulad ng mga tradisyon at kaugalian sa isang lugar

9. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang pinakamahalagang bunga ng pag aaral ng kasaysayan?
A. Nakikilala ang mga pinuno at ang kanilang mahalagang naiambag para sa bayan
B. Nahuhubog ang pagmamahal sa bayan tungo sa pagkakaisa at pag-unlad ng bayan

C. Nalilinang ang ating kasanayan sa pagbibigay ng mga pahayag ukol sa isang pangyayari
D. Napapalawak ang ating kaalaman tungkol sa mga tao, lugar at pangyayari sa ating bansa.

10. Alin sa mga sumusunod na pagpapahalaga ang pinakaangkop sa pag-aaral ng Kasaysayan?
A. Maipagmalaki ang lahing Pilipino sa mga banyagang nagtutungo sa ating bayan
B. Maipakita ang pagmamahal sa bayan at pagkilala sa mga dakilang tao sa ating kasaysayan
C. Maipamalas ang pagtataguyod at pagbili sa mga produktong gawang Pilipino
D. Maitanghal ang iba't ibang likhang-sining tulad ng sayaw at musika mula sa ibang bansa

II. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang una at ikalawang pangungusap. Isulat sa patlang ang titik:

A, Kung ang parehong pangungusap ay TAMA
B, Kung ang parehong pangungusap ay MALI
C, Kung ang unang pangungusap ay TAMA, at ang ikalawang pangungusap ay MALI
D, Kung ang unang pangungusap ay MALI, at ang ikalawang pangungusap ay TAMA

11.● Ang Agham Pampulitika ay pag–aaral tungkol sa pagtatatag at pagsasabatas ng mga patakaran ng gobyerno.
● Ayon sa Saligang-Batas, isang mahalagang elemento ang simbahan sa pagbuo ng Estado.
Sagot:________

● Ang Antropolohiya ay pag-aaral na may kaugnayan sa sosyo-kultural, arkeolohikal, biolohikal, at wika.
● Sa Antropolohiya, ang paggamit ng *"fossils at artifacts"* ay matibay na batayan sa pagsulat ng Kasaysayan.
Sagot:________

13.● Ang topograpiya kabilang ang klima at panahon, ay mga importanteng paksa sa Sikolohiya.
● Ayon sa mga eksperto ng Sikolohiya, may mga tao na magkapareho o *"identical"* ang katangiang pisikal.
Sagot:________

14.● Sa Ekonomiks ay pinag-aaralan ang pagkakaiba ng produkto, serbisyo, mamimili at prodyuser.
● Ang pagluwas (*export*) at pag-angkat (*import*) ang tanging batayan sa pagsulong ng ekonomiya ng bansa.
Sagot:________

15.● Ang pag-aaral ng anyong pisikal ng kalawakan gaya ng *"Solar System"* ay karaniwang batayan ng pag-aaral sa Heograpiya.
● Ang dalawang pangunahing bahagi ng Heograpiya ay Heograpiyang Pisikal at Heograpiyang Pantao.
Sagot:________

16. ● Ang barangay ang tanging institusyon sa lipunan na kumakatawan sa mga tao ayon sa Sosyolohiya.
● Sa lipunan ay mahalaga ang elemento ng *"Cooperation at Competition"* upang mapabuti ang kapakanan ng bawat isa.
Sagot:________

17. ● Ang Agham Panlipunan ay magkakaugnay na kaisipan na ating pinag-aaralan kaya ito ay tinatawag ding *"multi-disciplinary".*
● Napapadali at nakatutulong sa pagkilos at pag- iisip ng tao ang pag-aaral ng bawat disiplina ng Agham Panlipunan.
Sagot:________

18. ● Ang mga probisyon sa Saligang-Batas ng 1987 ay gabay sa paggawa ng iba pang batas sa ating bansa.
● Isang institusyon ang pamahalaan na nagpapairal ng mga batas at patakaran para sa kabutihan ng mamamayan.
Sagot:________

19. ● Ang lakas paggawa, entreprenyur, teknolohiya, kapital at pamahalaan ay mahalaga sa produksyon at pag-unlad ng ekonomiya.
● Patunay na maunlad ang ating bansa kung mabilis nating nakukunsumo ang ating mga likas na yaman tulad ng kagubatan.
Sagot:________

20. ● Tumutukoy sa kultura ng tao at sa lokasyon ng tao sa iba't ibang lugar ang Heograpiyang Pisikal o *"Physical Geography"*
● Ang iba't ibang anyong lupa at anyong tubig ay ginagamit ng mga tao upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan.
Sagot:________

Nasagot mo ba nang madali ang pagsusulit na ito?

Huwag kang mag-alala kung mababa ang nakuha mong iskor. Ito ay isa lamang Panimulang Pagsusulit. Simula pa lamang iyan ng ating masayang pag-aaral tungkol sa Kasaysayan. Ang mahalaga ay maging matiyaga ka sa iyong pag-aaral.


Unti-unti mong matututunan ang bawat paksa at mga gawaing inihanda para sa iyo. Kaya't magsimula na tayo!

**ARALIN 1**

**MGA KWENTONG MAY SAYSAY**



Ang araling ito ay tungkol sa kahulugan ng Kasaysayan. Sasagutin natin ang tanong na ito: Bakit mahalagang malaman natin ang iba't ibang kwento mula sa nakalipas?




Pagkatapos mong gawin ang mga inihandang pagsasanay sa aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Makapagpapahayag ng sariling kahulugan ng Kasaysayan;
2. Maibibigay ang pagkakaiba ng batayang primarya at batayang sekondarya sa pag-aaral ng Kasaysayan; at
3. Makapagbibigay ng mga kasanayang kailangan sa pag-aaral ng Kasaysayan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ano ang mga salitang naiisip mo kapag naririnig ang salitang ito? Isulat ang iyong mga sagot at naiisip na salita sa mga kahon.




**Ano ang Kasaysayan?**

Nasagutan mo ba ang mga kahon? Upang malaman mo kung may kaugnayan sa kaysaysayan ang iyong mga isinulat sa mga kahon, basahin mong mabuti ang mga susunod na talata.

Ang Kasaysayan ay isa sa pinakamatandang sangay ng pag-aaral sa Agham Panlipunan. Si Herodutus ang kinikilalang “Ama ng Kasaysayan.” Siya ay kilala sa pagsulat ng mga nakaraang pangyayari. Sa pagsulat ng kasaysayan gumamit siya ng masusing pag-aaral, pananaliksik at mga ebidensyang susuporta sa kanyang mga kwento. Kaya’t kung susuriin, ang kasaysayan ay isang sistematikong pag-aaral ng mga nakaraang pangyayari upang maunawaan ang ating kasalukuyan at mapaghandaan ang ating hinaharap.

Batay sa Kasaysayan, nauunawaan natin ang pagkakaugnay ng bawat panahon: ang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap. Ang Kasaysayan ay sumasalamin din sa mga pagbabago ng mga tao, bayan at pangyayari. Subalit dapat mong tandaan na hindi lahat ay naitatala sa aklat ng kasaysayan. Tanging ang may saysay o halaga lamang ang naisusulat.

**Mga Batayan Ng Pag-aaral Ng Kasaysayan**

Alam mo ba na ang pag-aaral ng kasaysayan ay may mga pangunahing batayan?

Una ay ang batayang primarya. Tungkol ito sa mga original na gamit na tinatawag na "*artifacts*" tulad ng gamit na bato, palayok, armas, alahas, tirahan o damit. Binubuo din ito ng mga "*fossils*" o mga labi ng tao, hayop o halaman.

Samantala, ang batayang sekundarya ay tungkol sa mga kagamitang hango o kopya mula sa mga original. Ang mga batayang aklat na gamit sa paaralan, mga kopyang larawan o ginayang pinta (*replica*), ay ilan sa mga halimbawa ng batayang sekundarya.

Ang Kasaysayan ay maari ring magmula sa mga "*oral tradition*" o kasaysayang nagpasalin-salin sa bibig ng mga tao mula sa nakaraan. Ang mga halimbawa nito ay ang mga alamat, bugtong, kwentong bayan, salawikain, awit at marami pang iba. Ikaw, may alam ka bang kwento mula sa mga lolo at lola mo o kaya ay sa tatay at nanay mo na maaaring bahagi na ng ating kasaysayan? Ikwento mo naman sa iba.


Totoo na maraming kwento sa ating paligid. Subalit hindi sapat na alam natin ang sagot sa mga tanong na: Sino? Saan? Kailan? Dapat, kaya mo ring sagutin ang Bakit o Paano? Dahil kung kayang-kaya mong sagutin yan, masasabing isa kang mahusay na mag-aaral ng Kasaysayan.

**Mga Kasanayan Sa Pag-aaral Ng Kasaysayan**

Marami kang kasanayan na malilinang sa pag-aaral ng Kasaysayan. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

- kakayahang malaman ang mga katangian ng mga lider, pinuno o pangulo ng ating bansa at ang naging daan ng kanilang pag-angat at pagkakatanggal sa kanilang posisyon,
- pagsasapuso at paggalang sa mga simbulo, adhikain, batas, alituntunin at pamunuan ng bansa,
- pagtataguyod sa pambansang pagkakaisa, pag-unlad at pagkakaroon ng kapayapaan,
- pagsasabuhay ng karapatan at responsibilidad ng bawat isa ayon sa Saligang-Batas at adhikaing demokrasya, at
- paglinang at wastong pagpapahalaga sa yamang likas at yamang tao ng ating bayan.

Kung matututuhan mo ang mga kasanayang, magiging makabuluhan ang pag-aaral mo ng Kasaysayan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ngayon ay handa ka na upang gumawa ng sarili mong pagpapakahulugan sa kasaysayan. Alam kong kaya mo yan, kaya isulat mo sa patlang ang iyong naisip. Sikaping magamit ang mga salitang isinulat mo sa Gawain 1. Gamitin mo rin ang mga natutuhan mo sa mga nakaraang talata.

**Ang KASAYSAYAN ay**__________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Binabati kita sa iyong nabuong kahulugan! Ngayon ay higit na malinaw na marahil para sa iyo ang kahulugan ng KASAYSAYAN.



**Tandaan Mo!**

- Ang Kasaysayan ay isa sa pinakamatandang sangay ng pag-aaral sa Agham Panlipunan
- Si Herodutus ang itinuturing na Ama ng Kasaysayan
- Ang Kasaysayan ay sistematikong pag-aaral ng mga nakaraang pangyayari upang maunawaan ang kasalukuyan at mapaghandaan ang hinaharap.
- Ang batayang primarya ay tungkol sa mga original na gamit tulad ng "*artifacts*" at "*fossils*", samantalang ang Batayang Sekundarya ay gamit na hango o kopya mula sa original. Ito ay mga tulong sa pag-aaral ng kasaysayan.
- Ang "*oral tradition*" ay bahagi ng kasaysayang nagpasalin-salin sa bibig ng mga tao tulad ng alamat, bugtong, kwentong bayan, salawikain at awit.



**Gawain 3: Paglalapat**

Mag-isip ka ng isang mahalagang kasaysayan sa iyong buhay noong ikaw ay nasa elementarya. Isulat mo sa kahon ang iyong naisip.

| |
|---|
| |

Hanggang sa kasalukuyan ba ay mahalaga pa rin sa iyo ang pangyayaring iyon? Bakit? Isulat ang iyong sagot sa kahon (oo o hindi) at ipaliwanag mo kung bakit.

| |
|---|
| |

May maitutulong ba sa iyong pag-aaral o pamumuhay ang pangyayaring iyon? Nakatulong ba ito sa iyong pag-unlad? O naging balakid ba ito? (Mayron o wala)? Pangatwiranan mo at isulat muli sa kahon ang iyong sagot.

| |
|---|
| |

Nauunawaan mo na ba kung paano makakatulong sa pag-unlad ang nakaraan? Ngayon ay buuin mo ang mga sumusunod na patlang:

Makatutulong ang Kasaysayan sa pag-unlad kung:____________________________

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________


_________________.

**ARALIN 2**

**KAHULUGAN AT KAUGNAYAN NG MGA DISIPLINA NG AGHAM PANLIPUNAN SA KASAYSAYAN**



Ang araling ito ay tungkol sa kaugnayan ng Kasaysayan sa iba't ibang disiplina ng Agham Panlipunan tulad ng: Agham Pampulitika, Antropolohiya, Ekonomiks, Heograpiya, Sikolohiya, at Sosyolohiya.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Makapagbibigay ng kahulugan at halimbawa ng mga disiplina ng Agham Panlipunan ; at
2. Maipaliliwanag ang mga katangian at kaugnayan ng Kasaysayan sa iba't ibang disiplina ng Agham Panlipunan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

May iba't ibang disiplina ang Agham Panlipunan. Ito ay ang mga sumusunod:

- Agham Pampulitika
- Antropholohiya
- Ekonomiks
- Heograpiya
- Kasaysayan
- Sikolohiya
- Sosyolohiya

Makikita sa kahon ang mga salitang may kaugnayan sa bawat disiplina ng Agham Panlipunan. Pumili ng tigatlong (3) salita o konsepto na napapaloob bawat disiplina. Isulat ang mga ito sa tamang hanay sa ibaba.

aral ng mga bayani
arkeolohikal
atityud
batayang primarya at sekondarya
estado
heograpiyang pantao
heograpiyang pisikal
institusyon at mga samahan
klima at panahon
lipunan
mahahalagang pangyayari
motibo
pagbabago ng wika
pamahalaan
pamilya
personalidad
produksyon
saligang-batas
sosyo-kultural
supply at demand ng produkto
kakapusan at pangangailangang pantao

| Agham Panlipunan | Antropolohiya | Ekonomiks | Heograpiya | Kasaysayan | Sikolohiya | Sosyolohiya |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |

Nasagutan mo ba ang pagsasanay? Huwag kang malungkot kung hindi mo nailista sa tamang kahon. Ang mga susunod na paliwanag ang makakatulong upang maunawaan mo nang mas malalim ang paksa natin. Handa ka na ba?

**Ang Mga Disiplina Ng Agham Panlipunan**

Ang Kasaysayan (*History*) ay nakaugnay sa iba't ibang disiplina ng Agham Panlipunan. Ano-ano ang mga ito? Isa-isahin natin: Agham Pampulitika (*Political Science*), Antropolohiya (*Anthropology*), Ekonomiks (*Economics*), Heograpiya (*Geography*), Sikolohiya (*Psychology*) at Sosyolohiya (*Sociology*).

Pag-aralan natin ang bawat isa. Ang Agham Pampulitika (*Political Science*) ay tungkol sa pag-aaral ng mga konsepto at prinsipyo tungkol sa pamamahala ng isang lipunan na may tiyak na teritoryo. Mahalaga ang Agham Panlipunan dahil sa mga sumusunod:

a. Ito ay tumitiyak sa mga karapatan at responsibilidad ng mga mamamayan.
b. Nagbibigay ito ng kaalaman sa mga batas na umiiral sa Estado
c. Nakatutulong ito sa mga mamamayan upang makibahagi sa simulain ng pamahalaan tulad ng demokrasya.

Sa Agham Pampulitika din natin inaalam ang mga elemento ng Estado: ang mga tao o kabuuang populasyon sa Estado; teritoryo o ang kalupaang saklaw, ang kalawakan sa itaas, at pati na ang mga katubigang itinakda ayon sa mga batas at kasunduang pandaigdig. Bukod dito, mahalagang elemento rin ng estado ang pamahalaan o organisasyong institusyon na nagpapatupad ng mga batas at alituntunin sa pamamahala at tumitiyak sa kabutihan ng mga tao. Ang soberenya naman ay ang elemento ng kapangyarihan ng estado na ipatupad ang mga batas at alitutunin para sa lahat.

Pinag-aaralan din sa Agham Pampulitika ang mga itinadhana sa Saligang-Batas. Mahalagang malaman ang Saligang-Batas dahil ito ang pangunahing batayan ng mga batas ng isang bansa.

Ang Antropolohiya naman ay tungkol pag-aaral ng simula, pag-unlad at katangian ng tao. Maaring uriin sa apat ang mga sangay ng Antropolohiya. Ang Sosyo-kultural na sangay ang tumatalakay sa pag-unlad ng tao sa pamamagitan ng pananaliksik pangkasaysayan. Ang Arkeolohikal na sangay ay tungkol sa sistematikong paghuhukay at pag-aaral ng mga nagawa o naganap sa mga sinaunang tao. Ang Pang-biolohikal na sangay ang nakatuon sa pagsusuri ng mga katangiang pisikal at pag-unlad ng tao batay sa mga "*fossils*". Ang Pag-aaral ng Wika ay tungkol sa pag-aaral ng

iba't ibang lenggwahe ng tao upang malaman ang lawak at pagbabago ng pakikipagtalastasan ng mga tao sa bawat isa.

Ang Ekonomiks ay ang pag-aaral tungkol sa produksyon, distribusyon, at pagpapalitan ng kalakal at pagkonsumo. Sinusuri dito ang batas ng suplay at demand at ipinaliliwanag kung paanong ang walang katapusang pangangailangan ng tao ay matutugunan kahit may kakapusan tayo sa mga yamang natural. Pinag-aaralan din sa Ekonomiks ang mga batayan sa pag-unlad ng isang bansa ayon sa kalagayang pang-ekonomiya, gaya ng pambansang kita (GNP), empleyo, pagsugpo sa kahirapan at pagpapatatag ng mga patakarang pananalapi.

Isa pang mahalagang sangay ng Agham Panlipunan ay ang Heograpiya. Sa pag-aaral na ito nalalaman natin ang katangiang pisikal ng daigdig. Natatalakay din ang pagkilos ng tao ayon sa katangian ng kanyang paligid. Mauunawaan natin ang pakikibagay sa panahon, klima, lokasyon at kahalagahan ng mga likas na yaman.

May dalawang sangay ang heograpiya: Ang Heograpiyang Pisikal ay naglalarawan at nagpapaliwanag ng distribusyon ng mga anyong lupa at anyong tubig sa daigdig. Ang heograpiyang pantao naman ay tungkol sa pagkilala sa katangian ng tao batay sa kanilang kultura at iba't ibang gawain.

May mahahalagang kaalamang natatamo tayo sa pag-aaral ng heograpiya. Natututuhan natin ang: (1) pagkakaiba o katangian ng mga lugar, (2) pag-uugnayan sa pagitan ng mga tao at kanilang paligid na ginagalawan, at (3) pagsusuri sa iba't ibang gawain ng tao sa iba't ibang panig ng daigdig.

Ang Sikolohiya ang sangay ng Agham Panlipunan na nakatuon sa pag-aaral ng pagkilos o paggalaw ng tao. Pinag-aaralan dito ang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan ng tao sa ibang tao o pangkat. Kabilang sa pag-aaral ang personalidad o katauhan, kakanyahan, at katangian ng indibidwal. Ang pangalawa ay ang motibo o mga layunin o hangarin ng indibidwal o pangkat. Pangatlo ay ang atityud o ang kakayahan ng tao na matutuhan ang pagtitimbang sa tama at mali. Pang-apat, ang pangkat sa lipunan at ang pagkilos ng tao batay sa mga impluwensya o impresyon ng mga pangkat na kinabibilangan ng tao. Dapat natin tandaan na bagama't may mga taong pareho ang pisikal na kaanyuan, magkakaiba-iba naman sila sa aspetong sikolohikal, gaya ng personalidad at atityud.


Sosyolohiya ang sangay ng pag-aaral ng pakikipag-ugnayan ng tao sa mga pangkat, institusyon o samahan na kanyang kinabibilangan. Kasama dito ang pagsusuri sa mga proseso at suliranin na nararanasan ng tao.

Ang pamilya ang itinuturing na pangunahing institusyong tagapangalaga ng tao. Bukod dito, pinag-aaralan din natin ang iba't ibang kaugalian, tradisyon at gawi ng mga malaking pangkat. Sa pagdami ng tao ay maaaring dumami ang mga suliranin sa lipunan. Maaring magkaroon ng tunggalian ang magkakaibang pangkat sa, at dahil sa mabilis na paglaki ng populasyon, urbanisasyon, maaring magkaroon ng kakapusan at kahirapan sa lipunan. Dahil dito, pinag-aaralan sa sosyolohiya kung paano matutugunan ng tao ang suliraning nabanggit.

Kasama sa pag-aaral ng sosyolohiya ang kooperasyon o pagkilos ng lahat upang matamo ang layunin. Mayroon din naming kumpetisyon na maaaring maging daan tungo sa pagpapabuti ng mga gawain ng tao.

Sa kabuuan, ano ang pagkakaugnay ng iba't ibang sangay ng Agham Panlipunan? Nabatid mo marahil na ang pag-aaral ng Kasaysayan ay kailangang iugnay sa Agham Pampulitika. Ito ay upang makita ang pag-angat o pagbagsak ng isang pamunuan o pamahalaan. Ang Antropolohiya naman ay mahalagang gabay sa pagsulat ng Kasaysayan gamit ang mga "*fossils*" at "*artifacts*". Ang Ekonomiks ay naglalarawan sa kalagayang pangkabuhayan ng mga tao sa isang panahon. Samantalang ang Heograpiya ay naglalarawan sa lokasyon o pinangyarihan ng kasaysayan. Tumutulong ito sa pag-alam sa mga sinaunang sibilisasyong umunlad sa mga gilid ng ilog tulad ng Mesopotamia, Tsina, Ehipto at India. Sa larangan ng Sikolohiya ay maaaring masuri ang katangian ng ating mga pinuno at mga bayaning nakaimpluwensya sa kasaysayan ng ating bayan. Ang Sosyolohiya ay nakatutulong din sa Kasaysayan sa pamamagitan ng paglalarawan sa lipunan na hinubog ng ating nakaraan.

Sa ganyang pagkakaugnay-ugnay ng ibat-ibang disiplina ng Agham Panlipunan, itinuturing silang "*multi-disciplinary*." Ang bawat isa ay may kontribusyon sa pag-aaral ng lipunang ating ginagalawan at sa pag-aaral ng ating kasaysayan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ngayong napag-aralan mo na ang kaugnayan ng bawat sangay ng Agham Panlipunan, subukan mo kung naunawaan mo ang mga ito.

Magtala ka ng mga salita o kahulugan na may kaugnayan sa bawat sangay ng Agham Panlipunan na ating tinalakay. Ilista sa tamang hanay ang iyong sagot.

| | | |
|---|---|---|
| A | | |
| G | Agham Pampulitika | 1. ______________________ |
| H | | 2. ______________________ |
| A | Antropolohiya | 1. ______________________ |
| M | | 2 ______________________ |
| | Ekonomiks | 1. ______________________ |
| P | | 2______________________ |
| A | Heograpiya | 1. ______________________ |
| N | | 2. ______________________ |
| L | Kasaysayan | 1. ______________________ |
| I | | 2. ______________________ |
| P | Sikolohiya | 1. ______________________ |
| U | | 2. ______________________ |
| N | Sosyolohiya | 1. ______________________ |
| A | | 2. ______________________ |
| N | | |

Binabati kita! Mahusay ang iyong ginawa. Sa palagay ko ay handa ka na sa pagbubuod ng mahahalagang paksa sa araling ito.

**Tandaan Mo!**



- Ang Agham Panlipunan ay may iba't ibang disiplina tulad ng Agham Pampulitika, Antropolohiya, Ekonomiks, Heograpiya, Kasaysayan, Sikolohiya, at Sosyolohiya.
- Agham Pampulitika (*Political Science*) ang tawag sa pag-aaral ng mga konsepto at prinsipyo ukol sa pamamahala ng isang lipunan na may tiyak na teritoryo.
- Antropolohiya naman ang tawag sa pag-aaral ng pinagmulan, pag-unlad, at katangian ng tao.
- Ekonomiks ang tawag sa pag-aaral ng produksyon, distribusyon, pagpapalitan at pagkonsumo ng kalakal.
- Heograpiya ang pag-aaral ng katangiang pisikal ng daigdig. Sa pag-aaral na ito nalalaman natin ang pagkilos ng tao ayon sa katangian ng kanyang paligid tulad ng pakikibagay sa panahon, klima, lokasyon, at likas na yaman.
- Sikolohiya naman ang tawag sa pag-aaral sa pagkilos o paggalaw ng tao. Pinag-aaralan din ang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan ng tao sa ibang tao o pangkat.
- Sosyolohiya ang tawag sa pag-aaral ng pakikipag-ugnayan ng tao sa mga pangkat, institusyon o samahan na kanyang kinabibilangan. Kasama din dito ang pagsusuri sa mga proseso at suliranin na nararanasan ng tao.
- Ang Agham Panlipunan ay "*multi-disiciplinary*", sa dahilang may kaugnayan sa isa't isa ang iba't ibang sangay nito.



**Gawain 3: Paglalapat**

Paano mo pag-aaralan ang islang nasa larawan at ang mga taong nakatira dito? Magtala ng isang paksa a tanong na masasagot ng bawat sangay ng Agham Panlipunan na magiging pokus ng iyong pag-aaral. Sundan mo ang unang halimbawa.

1. Antropolohiya: Anong lahi mayroon ang mga taong nakatira sa isla?________
2. Kasaysayan: ______________________________________________
3. Sikolohiya: ______________________________________________
4. Heograpiya: ______________________________________________
5. Sosyolohiya: ______________________________________________
6. Ekonomiks: ______________________________________________




**ARALIN 3**

**KAUGNAYAN NG KASAYSAYAN SA LIPUNAN**



Ang araling ito ay tungkol sa kaugnayan ng kasaysayan sa lipunan. Bakit kailangang makita natin ang kahalagahan ng kasaysayan sa lipunan ating ginagalawan?



Inaasahang pagkatapos ng aralin, ikaw ay

1. Makapaglilista ng mga kahalagahan ng pag-aaral ng kasaysayan; at
2. Makapagbibigay ng paliwanag hinggil sa kaugnayan ng kasaysayan sa lipunan.

Handa ka na ba? Basahin mo muna ang unang gawain at pag-isipan mo ang ilan sa mga dahilan kung bakit mahalagang pag-aralan natin ang KASAYSAYAN.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Tingnan natin ang halimbawang ito. Pansinin mo ang ilang mga mahahalagang tao, pook o pangyayari sa talahanayan. Bakit sila mahalaga?


| MAHALAGA SA ATING KASAYSAYAN | MGA HALIMBAWA | DAHILAN KUNG BAKIT MAHALAGA: |
|---|---|---|
| TAO | JOSE P. RIZAL | Siya ang gumising sa damdaming makabayan. Nagbuwis ng buhay para sa kanyang bayan. Lumikha ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo para isiwalat ang pang-aabuso ng mga Kastila. |
| POOK | INTRAMUROS | Sentro ng pamahalaan sa panahon ng mga Kastila. Maraming nakulong na Pilipino lalo na sa Fort Santiago. Ito ay simbolo ng pagsasakripisyo para sa kalayaan |
| PANGYAYARI | PEOPLE'S POWER 1986 | Nanumbalik ang Demokrasya sa Pilipinas. Ipinakita ng mga Pilipino sa mapayapang paraan, ang pagkilos upang magwakas ang pamahalaang diktatoryal. |

**Kahalagahan ng Pag-aral ng Kasaysayan sa Lipunan**

Nakita mo ba mula sa mga halimbawa ang kahalagahan ng KASAYSAYAN?

Upang ganap nating maunawaan ang ating kasaysayan dapat nating alamin ang mga kahalagahan nito:

- Upang malaman ang katangian ng ating lipunan, pamahalaan, kultura, paniniwala, kabuhayan at kapaligiran.
- Upang maunawaan ang ating kasalukuyang kalagayan batay sa nakaraan at nang mapabuti natin ang ating hinaharap.
- Upang makahanap ng solusyon sa ating mga suliranin tulad ng mga digmaan, sakit, terorismo, kahirapan at marami pang iba.
- Upang magkaroon ng matibay na ugnayan sa ibang lugar o bansa, sa panahon ng kapayapaan o kaguluhan.
- Upang makilala ang papel na ginampanan ng ating mga bayani sa pagsusulong ng pagbabago at kalayaan ng ating bayan.
- Upang matukoy ang mga katangian ng mga pinuno ng ating bayan.
- Upang mapalalim pang lalo ang damdaming makabayan sa isip, sa salita at sa gawa ng bawat isa.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

I. Makapagbibigay ka pa ba ng iba pang halimbawa? Magtanong sa iyong mga magulang o magbasa sa isang aklatan at bumuo ng sariling talahanayan.

II. Punan ang mga patlang ng angkop na salita batay sa ating aralin

Ang Kasaysayan ay nakatutulong upang malaman natin ang ating ____________, maunawaan ang ________________ at mapaghandaan ang ating _____________. Nakakatulong din ito sa pagmumungkahi ng ____________ sa ating mga suliranin tulad ng digmaan at pagkagutom. Sa kasaysayan din natin nakilala ang mga ___________ na nag-alay ng buhay tungo sa pagbabago at kalayaan ng bayan.



**Tandaan Mo!**

Ang pag-aaral ng Kasaysayan ay mahalaga dahil ito ay:

- Nakatutulong upang mapabuti ang ating lipunang ating ginagalawan.
- Nakapagbibigay ng solusyon sa ating mga suliranin at nakapagpapalaganap ng matibay na ugnayan sa ibang bansa.
- Nakikilala natin ang mga naiambag ng ating mga bayani at mga pinuno sa paghubog ng damdaming makabayan tungo sa pambansang pagkakaisa.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Ang mga sumusunod ay mga pangayayari sa ating kasaysayan. Pagtambalin ang mga pangyayari at ang kahalagahan nito sa ating buhay sa kasalukuyan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang sa kaliwa. Pagkatapos ay tingnan ang tamang sagot sa pahina _____.

| Pangyayari | Kahalagahan |
|---|---|
| _____1. Sinakop ni Magallanes ang Pilipinas noong Marso 16, 1521 at nagmisa sa Limasawa makaraan ang ilang araw | a. Simula ng pagkakaisa ng mga Pilipino upang labanan ang mga Kastila at asamin ang kalayaan. |
| _____2. Sigaw ng Pugadlawin na pinangunahan ni Andres Bonifacio bilang hudyat ng pag-aalsa laban sa mga kastila. | b. Nagsimula ang Kristiyanismo at nakilala ang Pilipinas bilang isang katolikong bansa hanggang sa kasalukuyan. |
| _____3. Noong Enero 9, 1945, nagbalik si Gen. Douglas MacArthur sa Pilipinas upang tulungan ang mga Pilipino sa paglaban sa mga Hapones | c. Simula ng sariling pamumuno at paninindigan upang isulong ang soberenya ng Pilipinas. |

| | |
|---|---|
| _____4. Nabaril si Ninoy Aquino noong Agosto 21, 1983 pagbalik niya sa Pilipinas upang isulong ang "*reconciliation*". | d. Simula ng pagbabayad ng maraming utang na loob sa nga Amerikano na kinabibilangan ng mga base-militar sa bansa. |
| _____5. Pinagkalooban tayo ng kalayaan ng mga Amerikano noong Hulyo 4, 1946. | e. Hudyat ng kasukdulan ng martial law at pagbubuo ng iisang damdamin tungo sa mapayapang pagbabago. |

B. Magbigay ka ng tatlong halimbawa gaya ng nasa talahanayan. Mag tanong sa inyong magulang o magbasa sa isang aklatan at bumuo ng sariling talahanayan.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO:**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang Kasaysayan ay ang sistematikong pag-aaral ng mga pangyayari upang maunawaan ang kasalukuyan at mapaghandaan ang hinahanap.
- Ang batayang primarya at batayang sekundarya ay mga tulong sa pag-aaral ng Kasaysayan. Ang "*oral tradition*" ay binubuo ng mga kwento, alamat, kwentong bayan at iba pang kapupulutan ng aral na nagpasalin-salin sa henerasyon.
- Ang Agham Panlipunan ay binubuo ng iba't ibang disiplina tulad ng Agham Panlipunan, Antropolohiya, Ekonomiks, Heograpiya, Kasaysayan, Sikolohiya at Sosyolohiya. Ang mga ito ay "multi-disciplinary" kaya't magkakaugnay.
- Ang pag-aaral ng Kasaysayan ay mahalaga dahil nakatutulong ito upang mapabuti ang lipunan. Nakapagbibigay din ito ng solusyon sa mga suliranin ng bansa, at nakapagpapalaganap ng matibay na ugnayan sa ibang bansa. Dahil sa Kasaysayan ang nakikilala rin natin at napahahalagahan ang mga bayani at pinuno natin na nagpakita ng damdaming makabayan.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

Unang Bahagi:

Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Pagkatapos ay bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang Kasaysayan ay isang sistematikong pag-aaral ng:
   A. Gawain ng tao at ng kanilang materyal na pangangailangan sa araw-araw
   B. Katangiang pisikal ng isang lugar at ang mga pagbabagong nagaganap dito
   C. Nakaraan upang maunawaan ang kasalukuyan at mapaghandaan ang kinabukasan
   D. Pakikipag-ugnayan ng tao sa mga pangkat, institusyon o samahan sa kanyang paligid

2. Bilang isa sa mga elemento ng Estado, ano ang Soberanya?
   A. Kabuuang bilang ng populasyon sa isang bansa o lugar
   B. Kapangyarihan na magpatupad ng batas, patakaran at alituntunin sa bansa
   C. Saklaw na kalupaan at katubigang itinakda ng batas
   D. Sangay na naglilingkod at nagbibigay serbisyo sa kagustuhan ng mga tao

3. Alin sa mga sumusunod ang pinakamainam na batayang primarya bilang original na batayan sa pagsulat ng kasaysayan?
   A. Buto o labi\` ng tao
   B. Interpretasyon
   C. Kwentong nagpasalin-salin
   D. Sangguniang aklat sa paaralan

4. Sa pagsulat ng kasaysayan ay nangangailangan ng mga batayan at ebidensya tulad ng "*oral tradition*" na tumutukoy sa:
   A. Paggagaya ng mga kagamitan mula sa original na ebidensya

B. Pagpapakita ng mga katutubong damit ng mga sinaunang tao sa isang lugar
C. Pagpapasa-pasa ng mga gamit tulad ng kasangkapan, salapi, aklat at alahas
D. Pagsasalin sa mga bibig ng tao tulad ng alamat, kwentong bayan, awit at pabula

5. Bilang mag-aaral ng kasaysayan, paano mo maiuugnay ang kahalagahan ng Kasaysayan sa lipunang iyong ginagalawan?
   A. Bumuo ng samahang hihingi ng mga pagbabago sa pamahalaan upang maiwasan ang kaguluhan sa kapaligiran
   B. Humingi ng mga pangunahing serbisyo sa pamahalaan upang maipatupad ang lahat ng pangako sa mamamayan
   C. Maging aktibo sa mga talakayan at debate ukol sa mga isyung pampulitika sa bansa
   D. Sikaping maunawaan ang mga pangyayari sa nakaraan upang maunawaan ang kasalukuyan at mapaghandaan ang kinabukasan

6. Bilang mag-aaral ay nais mong malaman ang kaugnayan ng Kasaysayan at iba pang disiplina ng Agham Panlipunan. Ano ang iyong gagawin upang magkaroon ng malawak na kaalaman ukol dito?
   A. Magbasa ng mga pahayagan ukol sa kasalukuyang kaganapan sa buong bansa.
   B. Suriin ang mga programa ng pamahalaan na nakapagpabago sa kabuhayan
   C. Pag-aralan ang pinagmulan at pag-unlad ng mga tao at pamahalaan na nakapaghubog sa kultura.
   D. Unawain ang mga kuru-kuro ng mga taong may kasanayan sa Kasaysayan.

7. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI nagpapakita ng kaugnayan ng Kasaysayan sa iba pang disiplina ng Agham Panlipunan?
   A. Sa Kasaysayan ay naiuugnay ang Sikolohiya ukol sa pamumuhay ng mga tao at ang parteng ginagampanan nila sa pagbuo ng ating kasaysayan.
   B. Sa Kasaysayan ay napag-aaralan ang Antropolohiya na tumutukoy sa simula, pag-unlad at katangian ng tao
   C. Sa Kasaysayan ay natatalakay ang Agham Pampulitika bilang pag-aaral sa simula at pagkakatatag ng isang pamahalaan
   D. Sa Kasaysayan ay natutukoy ang mga pag-aaral sa agham at teknolohiya upang mapaunlad ang medisina.

8. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang tumutukoy sa kaugnayan ng Kasaysayan sa iba pang disiplinang panlipunan?
   A. Ang Kasaysayan ang nagpapaliwanag sa pag-unlad ng kultura ng isang lugar o bayan
   B. Ang Kasaysayan ang nagtatakda ng mga hakbang sa ikauunlad ng kabuhayan na ayon sa pangangailangan ng mga tao
   C. Ang kasaysayan ay bahagi ng isang kadena ng kaalamang nag-uugnay sa pag-aaral ng Agham Pampulitika, Sosyolohiya, Heograpiya, Antropolohiya, Ekonomiks at Sikolohiya.
   D. Ang kasaysayan ay naglalarawan sa mga sakripisyo, pakikipaglaban, at maging mga likhang-sining ng mga tanging Pilipino sa ating kasaysayan.

9. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang pinakamahalagang dulot ng pag-aaral ng Kasaysayan?
   A. Nadaragdagan ang ating kaalaman sa ating pag-aaral ng kasaysayan
   B. Nahuhubog ang kasanayan nating magsuri ng mga kaganapan sa ating bansa
   C. Nalalaman natin ang talambuhay ng mga pinuno at ang kanilang mahahalagang nagawa para sa bayan

D. Nalilinang ang ating damdaming makabayan at natatamo ang pagkakaisa tungo sa kapayapaan at pag-unlad

10. Alin sa mga sumusunod na pagpapahalaga ang pinaka-angkop sa pag-aaral ng Kasaysayan?
    A. Maipagmalaki ang lahing Pilipino sa ibang bansa at sa mga dayuhang mamamayan
    B. Maipakita ang pagtangkilik sa mga produkto at serbisyong Pilipino kaysa sa mga dayuhan
    C. Maisabuhay ang damdaming makabayan at pagpapahalaga sa mga nagawa ng mga dakilang tao sa kasaysayan
    D. Makagawa ng mga likhang-sining na tumutukoy sa kahusayan ng lahing Pilipino

**Ikalawang Bahagi:**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang una at ikalawang pangungusap.
Isulat sa patlang ang titik:

A, Kung ang parehong pangungusap ay TAMA
B, Kung ang parehong pangungusap ay MALI
C, Kung ang unang pangungusap ay TAMA,
at ang ikalawang pangungusap ay MALI
D, Kung ang unang pangungusap ay MALI,
at ang ikalawang pangungusap ay TAMA

11. ● Ang Agham Pampulitika ay tumutukoy sa pagsisimula, pagtatatag, at pagpapatupad ng mga alituntunin at batas ng isang pamahalaan.
● Ayon sa ating Saligang Batas, ang simbahan ay isang mahalagang elemento sa pagbuo ng Estado.

Sagot:________

12. ● Ang pag-aaral ng Antropolohiya ay nauuri sa sosyo-kultural, arkeolohikal, pang-biolohikal at wika.

    ● Ang “*fossils*” at “*artifacts*” ay ginagamit sa Antropolohiya upang makasulat ng kasaysayan.

    Sagot:________

13. ● Ang mga anyong lupa at anyong tubig kasama na ang klima at panahon, ay mahalagang sinusuri sa Sikolohiya.

    ● Ayon sa mga dalubhasa ng Sikolohiya, may mga tao na magkatulad ang katangiang pisikal, ngunit di magkapareho ang mga personalidad.

    Sagot:________

14. ● Itinuturo sa Ekonomiks na ang pangangailangan ng tao tulad ng pagkain, ay walang katapusan habang ang pinagkukunang yaman ay nauubos.

    ● Ang “*import*” at “*export*” ang tanging batayan sa pag-aaral ng ekonomiya at pag-unlad ng isang bansa.

    Sagot:________

15. ● Ang Heograpiya ay ang pag-aaral na nakatuon sa mga katangiang pisikal ng kalawakan tulad ng mga planeta at bituin.

    ● Ang dalawang pangunahing sangay ng Heograpiya ay Heograpiyang Pisikal at Heograpiyang Pantao.

    Sagot:________

16. ● Ayon sa Sosyolohiya, ang Barangay ang pangunahing institusyon sa lipunan na nangangalaga sa tao.

    ● Ang kooperasyon at kompetisyon sa lipunan ay mahalaga upang mapabuti ang kalagayan ng mga tao.

    Sagot:________

17. ● Ang Agham Panlipunan ay magkakadugtong na kaisipang ating pinag-aaralan kaya ito ay tinawag na "*multi-disciplinary*".

● Ang bawat disiplina sa Agham Panlipunan ay nakatutulong upang mapadali ang pag-aaral ng pagkilos at pag-iisip ng tao.

Sagot:________

18. ● Ang pamahalaan ay isang institusyon na nagpapatupad ng mga batas at alituntunin para sa kabutihan ng mga tao.

● Itinatadhana ng Saligang Batas ang mga probisyon bilang gabay o batayan sa iba pang batas na gagawin sa bansa.

Sagot:________

19. ● Sa Ekonomiks, ipinakikita na ang pambansang kita ay mahalaga sa pag-unlad ng isang bansa.

● Ang mabilis na pagkaubos ng ating mga likas na yaman tulad ng kagubatan ay patunay na maunlad na ang ating bansa.

Sagot:________

20. ● Ang heograpiyang pisikal ay tumutukoy sa pagbabahagi ng tao sa iba't ibang lugar at sa mga katangian ng kanyang kultura.

● Ang tao ay may kakayahang ayusin ang mga anyong lupa at anyong tubig upang matugunan ang kanyang pangangailangan.

Sagot:________




## GABAY SA PAGWAWASTO:

### PANIMULANG PAGSUSULIT

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | D | 11. | C |
| 2. | D | 12. | A |
| 3. | B | 13. | B |
| 4. | B | 14. | C |
| 5. | A | 15. | D |
| 6. | C | 16. | D |
| 7. | D | 17. | A |
| 8. | A | 18. | A |
| 9. | B | 19. | C |
| 10. | B | 20. | D |

### ARALIN 1 Mga Kwentong May Saysay

**Gawain1: Pagisipan Mo!**



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang Kasaysayan ay <u>sistematikong pag-aaral ng mga nakaraang pangyayari upang maunawaan ang ating kasalukuyan at mapaghandaan ang hinaharap.</u>

**Gawain 3: Paglalapat**

Halimbawa ng maaaring kasagutan:

| |
|---|
| <u>Mahalagang kasaysayan ng aking buhay:</u> Pagkakamit ng ikalawang karangalan sa aking pagtatapos sa ika-anim na baytang. |

| |
|---|
| <u>Mahalagang pa rin ba ang pangyayaring iyon hanggang ngayon? Bakit?</u> Dahil sa pagkakamit ko ng karangalang iyon, nagkaroon ako ng inspirasyon sa aking pag-aaral. |

| |
|---|
| <u>May maitutulong ba sa iyong pag-aaral o pamumuhay ang pangyayaring iyon? Paano?</u> Nagdulot ito ng pagkakataon upang maipagpatuloy ko ang aking pag-aaral kahit kami ay mahirap lamang. Kung wala akong naging karangalan, maaaring hindi na ako pinag-aral ng aking mga magulang dahil sa aming kahirapan. |

**ARALIN 2: Kaugnayan ng mga Disiplinang Agham Panlipunan sa Kasaysayan**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

| Agham Panlipunan | Antropolohiya | Ekonomiks | Heograpiya | Kasaysayan | Sikolohiya | Sosyolohiya |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Estado | Arkeolohikal | Produksyon | Klima at Panahon | Aral ng mga Bayani | Atityud | Institusyon/ Samahan |
| Pamahalaan | Pagbabago Ng Wika | Suplay at Demand | Heograpiyang Pantao | Batayang Primarya at Sekundarya | Motibo | Lipunan |
| Saligang | Sosyokultutal | Panganga-ilangan at Kakapusan | Heograpiyang Pisikal | Mahahalagang Pangyayari | Personalidad | Pamilya |

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Agham Panlipunan : pag-aaral ng mga konsepto at prinsipyo tungkol sa pamamahala ng isang lipunan na may tiyak na teritoryo.
2. Antropolohiya : pag-aaral ng simula, pag-unlad at katangian ng tao.
3. Ekonomiks : pag-aaral tungkol sa produksyon, distribusyon, pagpapalitan ng kalakal at pagkunsumo.
4. Heograpiya : pag-aaral ng katangiang pisikal ng daigdig.
5. Kasaysayan : sistematikong pag-aaral ng mga nakaraang pangyayari upang maunawaan ang ating kasalukuyan at mapaghandaan ang hinaharap.
6. Sikolohiya : pag-aaral sa pagkilos o paggalaw ng tao at pamamaraan ng pakikipag-ugnayan.
7. Sosyolohiya : pag-aaral sa pakikipag-ugnayan ng tao sa ibang tao o pangkat, institusyon o samahan na kanyang kinabibilangan.

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga tanong na saklaw ng bawat sangay ng Agham Panlipunan. Iba't ibang ang mga katanungan tungkol sa isang lipunan depende sa sangay ng agham panlipunan.

| | | |
|---|---|---|
| Saan nagmula at kalian nakarating sa isla ang mga ninuno ng mga sa isla? (KASAYSAYAN) | Anong lahi mayroon ang nga taong nakatira sa isla? (ANTROPOLOHIYA) | Paano nakikibagay sa kapwa ang mga tao dito? (SIKOLOHIYA) |
| Ano ang mga likas na yaman sa isla? (HEOGRAPIYA) | Anu-ano ang mga pagdiriwang na ginaganap sa isla? (SOSYOLOHIYA) | Ano ang mga pangunahing produkto sa isla? (EKONOMIKS) |

**ARALIN 3 Kaugnayan ng Kasaysayan sa Lipunan**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Mapapansin mo n amahalaga ang mga tao, pook, at mga pangyayaring nabanggit dahilan sa mga sumusunod:

1. Tao - Kagaya ni Dr. Jose Rizal, malaki ang papel ng mga bayani natin sa paggising ng pambansang diwa.
2. Pook - Ang mga makasaysayang pook ay nagpapaalala sa ating nakaraan.
3. Pangyayari - Sa mga pangyayari sa nakaraan, nahuhubog ang mga mamamayan. Gabay din ang makasaysayang pangyayari ng mga desisyon pambansa.

**Gawain2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang kasaysayan ay nakatutulong upang malaman natin ang ating <u>nakaraan</u>, maunawaan ang <u>kasalukuyan</u>, at mapaghandaan an gating <u>hinaharap</u>. Nakatutulong din ito sa pagmumungkahi ng <u>solusyon</u> tulad ng digmaan at pagkagutom. Sa Kasaysayan din natin nakilala ang mga <u>bayani</u> na nag-alay ng buhay tungo sa pagbabago at kalayaan ng bayan.

**Gawain 3: Paglalapat**

Pangyayari / Kahalagahan

1. b
2. a
3. d
4. e
5. c

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | C | 11. | C |
| 2. | B | 12. | A |
| 3. | A | 13. | B |
| 4. | D | 14. | C |
| 5. | D | 15. | D |
| 6. | C | 16. | D |
| 7. | D | 17. | A |
| 8. | C | 18. | A |
| 9. | D | 19. | C |
| 10. | C | 20. | D |